Filipino translation of "Facts About Neupogen®"
(http://www.bt.cdc.gov/radiation/neupogenfacts.asp)

# Mga Katotohanan tungkol sa Neupogen®

Kapag ang isang tao ay nakatanggap ng napakalaking dosis ng radiation, malaking problema ang pinsala sa bone marrow, na maaaring magdulot ng hindi makontroladong pagdurugo at impeksyon. Upang makatulong na bumuti ang bone marrow, maaaring gamitin ang growth factors na nagbibigay ng stimulasyon sa blood cells na dumami. Ang Filgrastim (Neupogen® ang marka) ay isang gamot na inaprubahan na gamitin ng FDA noong 1991 para sa mga pasyente ng kanser na may pinsala sa bone marrow dahil sa chemotherapy o radiotherapy. Ang mga binigyang-lunas na mga pasyente ay may mas kaunting mga impeksyon, mas kaunting pangangailangan para sa intravenous antibiotics, at mas maikling pagkaka-ospital kaysa sa mga taong hindi binigyan ng gamot. Ang Neupogen ay maaaring ring makatulong sa mga pasyente na may pinsala sa bone marrow mula sa hindi sinasadyang pagkalantad sa matataas na dosis ng radiation at ito'y inaasahang magbigay ng mga katulad na benepisyo.

## *Ano ang Neupogen*

Ang Filgrastim (Neupogen® ang marka) ay isang human granulocyte colony stimulating factor (G-CSF) na ginawa ng recombinant DNA technology. Ito ay isang ispesipikong uri ng cytokine na nagbibigay ng stimulasyon sa pagpaparami ng white blood cells.

## *Ano ang Cytokines*

Ang cytokines ay mga protina na parang hormone na nagiging parang communicators ng mga selula. Maaari silang magpadala ng mga mensahe ng mga selula sa isa't-isa, upang sabihin sa kanilang dumami, itigil ang pagdami, magpunta sa lugar kung saan may problema, o palitan ang tungkulin ng selula. Ang Neupogen® ay isang ispesipikong uri ng cytokine na nagbibigay stimulasyon sa pagpaparami ng white blood cells.

## *Ang Paggamit ng Neupogen® upang Bigyang-Lunas ang mga Taong Hindi Sinasadyang Nalantad sa Matataas na Dosis ng Radiation*

Tulad ng isang pasyente ng kanser na binibigyan ng chemotherapy o radiation therapy, ang isang taong binibigyan ng mataas na dosis ng radiation ay maaaring makaranas ng pinsala sa bone marrow, na maaaring magdulot ng hindi makontroladong pagdurugo at impeksyon. Dahil ang Neupogen® ay matagumpay na ginamit para sa mga kanser na pasyente upang magbigay ng stimulasyon sa pagpaparami ng white blood cells at gawin silang hindi kasing dali matablan ng mga impeksyon, inaasahan itong tulungan ang mga pasyenteng may pinsala sa bone marrow na sanhi ng mga napakataas na dosis ng radiation sa halos parehong paraan.

## *Paano Gumagana ang Neupogen®*

Ang mga pasyenteng binibigyan ng mga napakataas na radiation ay kadalasang naiiwanan ng napakakaunting white blood cells. Ang sariling bone marrow ng pasyente ay gagawa sa ibang panahon ng mga bagong selula ng dugo, ngunit ito'y mabagal na proseso. Ang mga pasyente ay may malaking panganib na mamatay mula sa impeksyon hangga't hindi tumataas nang sapat ang bilang ng white blood cells. Maaaring pabilisin ng Neupogen® ang proseso ng paggawa ng white blood cell, at samakatwid ay babawasan nito ang panahon na ang pasyente ay madaling tablan ng impeksyon.



DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES
CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION
SAFER • HEALTHIER • PEOPLE™

### *Sino ang Maaaring Uminom ng Neupogen*

Maaaring ireseta sa mga tao ang Neupogen® matapos ang chemotherapy o radiation therapy upang tulungan ang kanilang pagbuti. At maaari din ireseta sa mga tao ng Neupogen® pagkatapos ng malaking dosis ng radiation mula sa isang radiation emergency.

Ang Neupogen® ay ligtas para sa karamihan ng adults, ngunit hindi dapat inumin ng mga taong may hypersensitivity sa *E. coli*-derived proteins, filgrastim, o anumang komponente ng filgrastim. Dapat inumin ng mga bata at ng mga buntis ang Neupogen® nang may pag-iingat. Hindi nalalaman kung ang Neupogen® ay lumalabas sa gatas ng tao, kaya dapat ding mag-ingat sa pag-inom ng Neupogen ang mga nagpapasuso.

### *Mga Masasamang Epekto ng Neupogen®*

Kabilang sa mga masasamang epekto ng Neupogen® ang lagnat, pagtatae, pamumula ng balat at panghihina. Ang pinaka-karaniwang masamang epekto ay mula banayad hanggang katamtamang kirot sa buto.

### *Paano Ibinibigay ang Neupogen®*

Ang Neupogen® ay iniiniksyon sa ilalim ng balat o ibinibigay sa pamamagitan ng intravenous infusion.

### *Ano ang Plano ng Pagbibigay-lunas*

Ang plano ng pagbibigay-lunas ay ang magbigay ng 5 micrograms bawat kilo ng bigat ng pasyente (mcg/kg) ng G-CSF filgrastim (Neupogen®) araw-araw hanggang 2 linggo, sa pamamagitan ng iniksyon o intravenous infusion.

### *Saan Ka Makakakuha ng Karagdagang Impormasyon*

May karagdagang impormasyon na makukuha tungkol sa cytokines sa FDA web site, sa:

http://www.fda.gov/bbs/topics/CONSUMER/CON0291f.html

May karagdagang impormasyon tungkol sa Neupogen® na makikita sa:

http://www.accessdata.fda.gov/scripts/cder/onctools/labels.cfm?GN=Filgrastim

Maaari ka ring tumawag sa CDC Public Response na telepono sa 1-800-311-3435 o bumisita sa web site sa http://www.cdc.gov/netinfo.htm upang humingi ng karagdagang impormasyon.

*Ang Centers for Disease Control and Prevention (CDC) ay nagproprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng mga tao sa pamamagitan ng pag-iwas at pagkontrol sa mga sakit at mga pinsala; nakakatulong sa paggawa ng mga desisyon sa kalusugan sa pamamagitan ng pagbigay ng mapapaniwalaang impormasyon tungkol sa mga importanteng isyu sa kalusugan; at nagtataguyod ng pamumuhay na mabuti sa kalusugan.*

Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang www.cdc.gov/radiation o tawagan ang CDC public response hotline sa (800) 232-4636, o (888) 232-6348 (TTY).



DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES
CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION
SAFER • HEALTHIER • PEOPLE™